

# Chapter One



*F*airy tales do come true, kinikilig na sabi ni Iska sa isip. Kinikilig siyang masyado habang naglalakad at nagbabasa ng magazine na tampok ang buhay nina Prince William at Kate Middleton ng England.

*So sweet...* she sighed. Saglit siyang tumigil sa pagbabasa nang papasok siya sa main lobby ng PBCom Tower sa Ayala Avenue sa Makati.

She had been working as one of the assistant accountants for the billion-dollar company called *Syquia Corporation*. It's one of the Philippine's largest and oldest land and agri-business corporation.

Binati siya ng isang security personnel na agad niyang tinugon. Parati siya nitong binibiro dahil natutuwa yata sa natural na mapula niyang buhok at asul na asul na mata. Tapos, sa kabila ng kanyang hitsura, derecho siyang manalog.

Pagkatapos, tinungo na ni Iska ang hanay ng mga elevators. Ipinagpatuloy niya ang kanyang pagbabasa-basa ng article tungkol kina Prince William at Kate Middleton. Saglit siyang tumigil ulit nang sumakay siya sa elevator.

Mga sampung katao ang kasakay niya sa

elevator. She recognized some of them by faces ngunit hindi niya kilala ang mga ito personally. Malamang sa ibang floors nagtatrabaho ang mga ito. Gayonman, ngumiti siya sa mga ito.

Pagkatapos niyang pindutin ang 10<sup>th</sup> Floor button ay muli siyang uminom ng kape at nagpatuloy sa pagbabasa. She was really intrigued by the royal family's affairs. Isa pa'y ngayon lang siya may oras upang magbasa leisurely. Mamaya ay sabak na naman siya sa maraming accounting work.

Manaka-naka siyang tumitingin sa overhead sign para i-check kung anong floor na sila.

*Okay, next stop is mine,* aniya sa sarili nang magsarado ang elevator sa ninth floor. Hawak-hawak ang umuusok pa ring kape sa kanang kamay ay muli niyang iniladlad ang magazine gamit ang kaliwa at muling nagpatuloy sa pagbabasa.

Then, she heard the *ting* sound. Bumukas ang pinto ng elevator, pero hindi niya maialis-alis ang mga mata sa hawak na magazine dahil malapit na siyang matapos sa pagbabasa.

Kaya hindi man lang siya tumigil o nag-angat ng tingin habang maliksing naglalakad palabas ng elevator. At gayon na lang ang kanyang pagkagulat nang may makabangga siya! Nabitiwan niya ang kanyang hawak na magazine at tumapon ang mainit na kape sa tailored suit ng estranghero sa lakas ng impact ng banggaan nila! Nanlaki ang kanyang mga mata at napaawang ang bibig.

“Aray...!” kaagad na hiyaw ng lalaki. Mabilis nitong binuksan ang butones ng suot na coat at dagling napangiwi na matuklasang basa din ang suot nitong puting long-sleeved shirt.

“S-susmaryosep!” Iska was hysterical. Ni hindi nag-isip na pinaghahaplos niya ng palad ang bandang tiyan ng lalaki kung saan natapon ang kape. Na para bang matutuyo ang damit sa ganoong paraan.

“Naku! Pasensya na po.” Napaangat siya ng tingin sa lalaki nang tumikhim ito at noon siya biglang natigilan.

She expected an angry grouchy face. But instead she found a very handsome face looking at her in amusement. Tila ba lumukso bigla ang kanyang puso nang magtama ang kanilang mga mata. Hindi niya tiyak kung dahil ba iyon sa taglay nitong kaguwapuhan o dahil sa matinding pagkapahiya. Para ring bigla siyang nakuryente sa pagkakadantay ng kanyang mga palad sa very firm nitong tiyan. Mabilis pa sa alas kuwatro niyang hinila ang mga kamay palayo rito.

“I... I’m kind of embarrassing my self, ain’t I?” kanda-ngiwi niyang nasabi.

Saka siya napatingin sa lalaking nakatayo sa tabi ng guwamong lalaki. Iyon ay ang associate CEO ng kompanya na si Mr. Edward Rivera.

*Oh, oh... spaghetti-oh...* Malamang ay iyon ang unang pagkakataon na makagalitan siya ng lalaki

dahil sa ginawa niya sa bisita nito.

“N-no,” kaagad namang bawi ng lalaking nakabanggaan ni Iska. Ngumiti ito. “It’s not entirely your fault and it’s just coffee.”

“I’m so sorry, Sir...” Yumuko si Iska upang damputin ang kanyang thermos mug at ang takip niyon. Ngunit kasabay ding niyang yumuko ang lalaki kaya nag-untugan sila.

Kapwa sila napadaing sabay hawak sa kani-kanilang mga noo. Hindi nila pansin si Mr. Rivera na nakapamulsa lang at amused na nanonood sa kanila.

Pilit na ngumiti si Iska. “I’m so sorry, Sir. I didn’t mean to be such a nuisance.” Wala siyang ideya kung sino ang lalaki pero nahuhulaan niyang importante itong tao sa kompanya nila.

Dinampot niya ang kanyang mug mula sa sahi.

And the guy picked up her magazine. “Prince William and Kate Middleton...” Amused ang ngiting tumingin sa kanya ang lalaki pagkatapos.

Lihim na napasinghap si Iska. Ilang saglit na nag-ugnay ang kanilang mga mata. Pagkatapos, wari ay nagising siya mula sa isang magandang panaginip kaya nag-iwas ng tingin at alanganing ngumiti sa lalaki. Tumayo siya at sinabayan naman siya nito. He handed the magazine to her.

“E-everybody’s talking about them,” alanganin niyang sabi saka napatawa nang kaunti. Siguro iniisip nitong para siyang tanga.

Muli lang itong ngumiti sa kanya nang

pagkatamis-tamis. Naisip niya tuloy bigla kung may diprensya ba ito sa isip.

Bumaling siya sa kanyang boss. “H-hi, Mr. Rivera,” medyo alanganin niyang bati rito.

“Good morning, Iska.” Ngumiti ito.

“I’d better get something to clean up this mess.” She sighed and looked up at the tall and possibly the most attractive man she’d ever seen. “A-again, I’m so sorry.”

“It’s just coffee... I’ll live.” He smiled. “I’m Andres. May I ask what your name is?”

Isang perfect gentleman ang dating ng lalaki kay Iska.

“F-Francisca.”

“Great to meet you, Francisca...” Sa pagkakabigkas nito, para bang kinakabisa nito ang pangalan niya. He extended his hand to her.

“Same here, Andres,” nakangiti niyang sagot sabay tanggap sa pakikipagkamay nito. “W-well, I’d better be going.”

“S-sure, go ahead...” parang napilitan nitong sabi.

Ngumiti lang si Iska sa dalawang lalaki.

Mabilis siyang umalis doon. Namangha siya nang ma-realize na titingin-tingin ang kanyang mga kasamahan sa trabaho mula sa kani-kanilang mesa.

Hindi namalayan ng dalaga na nakasunod pala sa kanya ng tingin ang lalaki na nananatili pa rin sa kinatatayuan, mesmerized pa rin.

Nakasunod pa rin ang tingin ni Andres sa babaeng very sexy sa suot na corporate attire. Tila isang modelo ito sa paglalakad, sa kabila ng kaliitan nito.

Agad na bumaling siya sa katabing si Edward. Namimilog ang kanyang mga mata sa excitement.

“Sino siya, Edward?” Intrigued, definitely he was.

Napatawa ang matalik niyang kaibigan. He pressed the elevator’s button with the arrow going down.

“Francisca Andersen. One of our assistant accountants. She’s been with us for nearly a year now, I believe,” sagot nito.

Bumukas ang elevator at pumasok ang magkaibigan. Diniinan ni Andres ang 1<sup>st</sup> Floor button.

“Bakit ngayon ko lang siya nakita dito?”

“Let’s see...” Nag-isip sandali si Edward. “Dahil sinumpong ka ng pagka-ermitanyo mo at bigla ka na lang nagdesisyon na bumalik sa *Rancho Hermosa* at namastol ng mga baka at iniwan ako dito sa opisina na pasan ang mundo,” pasaring nito kunwari bagaman nakangiti.

Napahalakhak si Andres. “Yes, I know. I’m sorry, *mi amigo*... But I’m back now. And I can’t tell you how glad I am to be back.”

“Oh, yeah?” Todo ang ngisi ni Edward.

“Yeah! Hey, you know who Francisca reminds me

of?” ani Andres mayamaya.

Binanggit ni Edward ang pangalan ng bida sa isang American TV Series..

“Yes, that’s right!” nakangiting tango ni Andres.

“There’s another thing you must be reminded about Francisca,” ani Edward.

“Huh..? What’s that?” curious na tanong niya.

“May boyfriend na siya.” Ang mga mata ng kaibigan ay parang nagsasabing: *I’m sorry, my friend...*

Ilang sandaling napakurap si Andres dahil sa impormasyong narinig. Aminado siyang hindi iyon ang inaasahan niyang marinig.

“Oh...” dismayadong sabi na lang niya. At tila ba biglang nalaglag ang kanyang mga balikat.



Back at the Accounts office, biglang hinila si Iska ng kanyang kaibigang ni Emma. Secretary ito ni Mr. Rivera.

“Halika muna dito, Iska, at mag-report ka nang madali.” Nagmamadali ang tinig ng dalaga na puno ng excitement.

Alam niya kung ano ang ibig nitong sabihin, ngunit pinili niyang magpatay-malisya.

“Ha?”

Emma rolled her eyes. “C’mon, Iska! Tell me, ano’ng sabi ni Sir Andres sa ’yo?”

“W-wala naman...” kibit-balikat ni Iska.

“Iska, ano ka ba?” Pinanlakihan ni Emma ng

mga mata ang kaibigan. “Hindi ka nakakatuwa.”

Napatawa si Iska. “There’s nothing to tell.”

“He likes you,” kinikilig nitong sabi.

Nanlaki ang mga mata niya. Mabilis niyang sinenyasan ang kaibigan na manahimik, sabay pagala ng tingin.

Nag-aalala siya na baka may makarinig at magkaroon ng maling interpretasyon at pagmulan pa iyon ng tsismis. She hated gossips.

Ang masama, baka makaabot ito sa kaalaman ng kanyang boyfriend na si James. Nagtatrabaho din sa opisinaang iyon ang binata bilang isang field engineer. Masyado pa naman itong seloso.





## Chapter Two



**N**ang gabing iyon ay binisita si Iska ni James sa kanyang townhouse na minana niya mula sa yumaong ina. Pero hindi rin ito nagtagal at agad ding nagpaalam.

Pagkaalis ng nobyo, bumalik siya sa sala at ninamnam ang katahimikan.

Dalawang taon na siyang mag-isang nakatira sa bahay na iyon, simula iyon nang mamatay ang kanyang ina.

Ang kanyang ama ay kasalukuyang naninirahan sa Long Island, New York kasama ang pangalawa nitong asawa at dalawang anak na babae. Inalok siya nito na bumalik sa Amerika nang mamatay ang kanyang ina ngunit magalang siyang tumanggi. Siyempre, iba na ang sitwasyon ng buhay nito at masaya siya para sa ama. Isa pa'y masaya naman siya sa kanyang buhay sa Pilipinas, at may ever-caring and loving boyfriend naman siya.

Habang walang interes na nagpapalipat-lipat ng channels sa TV, inaalala ni Iska kung paano naging sila ni James.

He was a college friend of hers. Kadarating pa lang niya noon sa Pilipinas at isa ito sa mga unang naging kaibigan niya. He was always nice to her

kaya tinanggap niya ang friendship nito. Pero nang magtapat ito ng damdamin sa kanya ay hindi niya iyon tinanggap. Bilang kaibigan lang pagmamahal niya sa binata. Naawa siya rito, ngunit tapat lamang siya sa kanyang puso.

Anyways, that was okay. They remained friends after that. Madalas pa rin silang magkasama at binibisita siya sa kanilang bahay. Naalala niya, tinanong siya minsan ng kanyang ina kung bakit daw hindi niya pa sagutin ang lalaki. Malambot kasi ang puso nito pagdating kay James. Saka bukod sa guwapo, gentleman, masikap ito sa buhay. Taglay ng kanyang nobyo ang lahat ng katangian na hanap ng isang babae sa isang lalaki.

And he's like her best friend. Nang matuklasan nila na nasa very late stage cancer of the breast ang kanyang ina, hindi naging madali sa kanya ang pagtanggap niyon. Ngunit hindi iniwan ni James ang kanyang tabi. Hanggang sa namatay ang kanyang ina ay ang binata ang kanyang primal source of strength.

Ilang buwan matapos mamatay ang nanay ni Iska, muling nagtapat ng pag-ibig sa kanya si James. Pinag-isipan niya nang maigi ang desisyon. Ang dami na nitong naging sakripisyo para sa kanya. Kung hindi siya talagang mahal ng binata, hindi ito mag-aaksaya ng panahon para sa kanya. Kaya naisip ni Iska, baliw siya kung patuloy niya itong bibiguin. Wala siyang rason upang hindi ito mahalina. Kaya

niya sinagot ang lalaki.

Nang mahirapan siya dahil sa stress mula sa dati niyang trabaho, hinimok siya ni James na lumipat sa *Syquia Corp* kung saan dalawang taon na itong nagtatrabaho. Ayaw sana niya noong una pero dahil walang masyadong pagpipilian, sinubukan na rin niya. Naging maayos naman ang lahat; she's been with the company for nearly a year now and she's loving it there.

Masaya siya sa piling ng nobyo. At napakagaganda ng mga plano nito para sa kanila. Mataas ang pangarap ni James sa buhay. Hindi ito kuntento na maging karaniwang empleyado nang mahabang panahon. He wanted to be *up* there with the executives. Gusto nitong maging isang prominent figure.

Ilang beses na rin ba siya nitong hinihimok na magpakasal na sila? Nang sa gayon daw ay magkaroon ito ng opportunity na makapunta ng U.S. Magtatrabaho daw sila roon nang ilang taon at mag-iipon ng malaking pera. At pagkatapos daw ay uuwi sila ng Pilipinas upang mag-set up ng sariling business na magkatuwang nilang palalaguin.

His intentions were all well and good. Pero hindi niya masabi na wala siyang balak bumalik ng America, maliban kung bibisitahin lang niya ang kanyang ama roon. Ngunit masyado namang mabait sa kanya si James at hindi niya kayang saktan ito nang gayon. Ang dahilan na lamang ni

Iska ay malaking responsibilidad ang pag-aasawa at hindi pa siya handa para roon. Bagay na tila ba pilit naman nitong iniintindi. Kahit na ba paminsan-minsan ay pinagmumulan iyon ng kanilang argumento.

Natural din itong seloso kaya iniwasan niya ang mga lalaking nagpapakita sa kanya ng interes.



Kalahating oras na mas maaga dumating sa opisina si Iska kaya naisip niyang magbasa-basa muna habang nagkakape.

Tinungo muna niya ang kanyang cubicle para kunin ang magazine mula sa drawer. Nabigla siya nang madatnan ang napakagandang bouquet ng red roses sa kanyang mesa. They were arranged so beautifully with angel's breath and maiden hair fern.

At sino naman kaya ang nagbigay niyon? Napangiti siya sabay samyo sa mga rosas. Alam niyang hindi galing ang mga iyon kay James dahil hindi siya nito pinapadalhan ng mga bulaklak kung hindi niya birthday o kaya ay anniversary nila.

*No card? Pity.* Nagkibit-balikat lang ang dalaga dahil hindi naman iyon ang unang pagkakataon na may nagbigay ng bulaklak sa kanya na walang card. Wala ring ideya ang katabi niyang officemate kung sino ang naglapag niyon doon.

Kinuha na lang niya ang kanyang magazine at nagtungo nang pantry.

Nagtimpla siya ng kape para sa sarili. Naupo siya

sa isang silya sa tabi ng mesa, paharap sa nakabukas na pintuan, saka siya nagsimulang magbasa. She didn't know how preoccupied she got at reading when all of a sudden, a somehow familiar voice nearly made her jump.

“You're not reading about Prince William again, are you?” untag ng tinig.

Dahil nagulat, napasinghap si Iska habang humihigop ng kape sabay angat ng tingin. Malakas siyang nasamid. And realizing that it was Andres standing at the door didn't help either. Paulit-ulit siyang napaubo habang tutop ang bibig.

Kaagad na lumapit ang lalaki. “A-are you okay, Iska?”

“Y-yes... I'm fine... thank you..!” turan niya sa pagitan ng pag-ubo. Naluluha ang kanyang mga mata at nag-iinit ang mukha. “Coffee just went to the wrong pipe...” Malakas siyang umubo. And the next thing she knew, she had coffee coming out of her nose! *Kahiya!*

Mabilis siyang tumayo at nagtungo sa lababo. Nagulat na lamang siya nang hinagud-hagod ni Andres ang kanyang likod.

Muntik na siyang napatalon sa ginawa nito. Mabilis siyang naghilamos ng mukha. Dinukot niya mula sa bulsa ang kanyang panyo at nagpunas ng mukha. Saka siya lumayo mula sa lalaki.

“I'm sorry, Francisca. I didn't mean to sneak-up on you...” Puno ng pagpapaumanhin ang tinig ni

Andres.

“It’s all right. Magugulatin lang talaga ako, Mr. Syquia.” Iska smiled.

“It’s surprising how fluent you are in Tagalog.” Ganoon nga ang reaksyon ng marami dahil nga Amerikanang-Amerikana ang anyo niya. “And please call me ‘Andres’ like everyone else does,” nakangiting pahayag ng binata. Kumuha ito ng mug at nagsimulang gumawa ng sariling kape.

Kahit nagtataka ay hindi nagtanong si Iska kung bakit doon magkakape ang lalaki. Hindi ba’t may sarili itong opisina complete with coffee-making facilities at isang sekretaryang maaari nitong utusang magtimpla para rito?

“Well, please call me ‘Iska’ like everyone else does.” Bumalik siya sa kinauupuan.

“Sure, no problem!” Andres happily obliged. Bitbit ang nagawang kape, walang anumang umupo ito sa upuan katabi ng sa dalaga. “I hope you don’t mind me joining you?”

Ramdam ni Iska ang pagka-conscious na silang dalawa lang ang naroon, pero alangan namang sumagot siya ng, ‘Shoo!’

“N-no, not at all.”

“So, how long have you been working with us, Iska?” Masigla ang tinig ng kanyang kausap.

Nagulat si Iska. When she looked at him, he had this sexy crooked smile that just brought out butterflies fluttering inside her tummy! Ngunit

mabilis niyang hinamig ang sarili. “For nearly a year now, A-Andres.”

“So, what brought you here to the Philippines?”

“Half my blood came from here,” ngiti niya. Saka siya nagpatuloy sa interrupted niyang pagbabasa.

“You don’t look like a Filipina at all.” Mahinang tumawa ang binata. He was not mocking her, he was just commenting. “So what made you move here? Nandito din ba ang family mo?”

“Well...” Ilang beses na ba niyang kinailangang ipaliwanag ang sarili sa maraming tao na curious tungkol sa kanya? Ngunit parang nakadama siya ng eagerness na magkuwento kay Andres. Tuluyan na niyang ibinaba ang magazine at sumagot sa binata. “My dad’s from Long Island and my late mom’s from Cebu.”

“Oh, I’m sorry to hear about your mom.”

Sympathetic ang expression ng binata.

“Thanks...” Matipid siyang ngumiti. “I was born in the U.S. My parents divorced when I was like ten. Mom stayed in Manhattan for a while, then, she decided to come back and live here for good. Dad remarried so I decided to move in with Mom when I was fifteen. I attended college here and all,” kuwento niya.

“Interesting,” Andres said. He seemed enthusiastic, too. “Gusto mo bang bumalik at tumira ulit sa U.S.?”

Bahagya siyang umiling. “Just to visit my dad.

I'm happy here.”

“That’s nice to hear.” He had the sweetest smile at pakiramdam niya ay nagkulay-makopa ang kanyang mga pisngi.

Saglit na namagitan sa kanila ang katahimikan. Si Andres ang muling bumasang niyon. “Aren’t you going to ask me about me?” He grinned.

Mahinang napabungisngis si Iska. “Sorry... well, I kinda know who you are already.”

His lips twisted in a teasing smile. Itinukod nito ang mga siko sa ibabaw ng mesa sabay titig sa kanya. “Really? Should I ask then how much you know about me instead?”

Iska blushed. “Oh, I’m sorry. Please don’t take it the wrong way– ”

“Not at all. You’ve intrigued me now so please do tell me,” he encouraged.

“W-well, I know that you’re Lorenzo Andres Syquia, the youngest of Chairman Syquia’s four sons and...” Tumingala siya na para bang makakaapuhap siya ng iba pang isasagot sa ere.

“And..?” His eyebrow arched, teasing.

Marahas na bumuntong-hininga si Iska at saglit na nainis sa sarili. “T-that’s pretty lame of me... I’m sorry. I do not know a thing about you apart from your name and you being an executive.”

Napatawa si Andres. “Well, let me tell you something about myself then...”

Gusto sana niya itong pigilan pero walang



lumabas na salita kanyang bibig. Sa halip ay puno ang atensyong nakinig lamang siya sa binata. Ang totoo ay curious na curious siya rito.

“I’m a farmer and a vet by profession. I also had to take up a business managerial course. It’s like a family requirement.” Kagaya ni Iska, buo rin ang atensyon ng lalaki sa kanya. “Then, as a part of my family duties, I was told to work in the office to see the managing and financial side of the business myself.” He smiled and paused for a moment. “But last year, I begged my father to let me go back to *Hacienda Hermosa* for a while.”

Bahagyang tumango si Iska. She knew about *Rancho Hermosa*. Pag-aari iyon ng mga Syquia na nasa Calatagan, Batangas.

“You’re a vet? Really? How intriguing...” Hindi niya maitago ang pagkasorpresa. He looked like the perfect corporate bachelor!

*If he is a bachelor.*

Tumango si Andres. “Or else I’ll go mental, I told him.” He laughed. “So I’ve just come back from a break, you see... in case you’re wondering as well why you’ve never seen me before.”

Kaagad na napayuko si Iska sa huling sinabi ng lalaki, ngunit wala siyang balak na mag-comment.

Nagpatuloy sa pagkukuwento si Andres. “It was a long break and thank God, Papa let me have it.”

Ngumiti lang si Iska. *Hmm, not to mention you could afford it because of your status.* “So, ang ibig

mo bang sabihin ay ayaw mo sa city and office life?" nananantyang tanong ng dalaga.

"Damn right, I don't!" He laughed and shook his head. "Well, I was never a city lover. I love being close to nature and animals... I love living in *Rancho Hermosa*. I didn't want to come back."

"So what are you doing here?" Iska asked casually. "I mean how come your father forced you to work here? I... I don't mean that you shouldn't but you know –"

"Because I never took interest in how they run the business." He sighed. "They thought it would be good for me if I experienced a bit of management firsthand and a change of scenery apart from the farm and my *patients*. But I'm so glad I came back here."

"Really?"

"You have no idea." May malawak itong ngiti sa labi.

"Well, maybe you could just keep your family happy for a little while and then, you can do what you really want after that," nakangiting sambit ni Iska.

"Yeah, but I'm fine right now. At least, magki-Christmas break na. I'll be looking forward to coming home for a few days."

Iska smiled when she saw a glint of eagerness in his eyes at the thought of coming home.

"So, are you coming to Long Island to spend

Christmas with your dad?” curious nitong tanong sa dalaga.

Iska laughed and wrinkled her nose. “Gosh, no! Mahal ang plane ticket at masyadong busy para magbiyahe at this time of the year. Besides, Dad and his new family visit the Philippines once a year. He’s remarried to a Filipina lady from Davao. So I do get to see them without having to spend a penny,” nakatawa niyang paliwanag sa binata.

Tumaas-baba ang isang kilay ni Andres. “You’re lucky then, Iska...”

Tumango siya. “That, indeed I am.”

“I am, too,” Andres said with certainty.

“Lucky?”

“Because I have met you,” walang kagatol-gatol nitong sagot.

Napaawang ang mga labi ni Iska. “W-what was that again, sorry..?” *Baka mali lang ang dinig mo, Iska.*

“I said I’m lucky because I’ve met you.” Ngumiti lang ito nang pagkatamis-tamis matapos iyong ulitin.

Pilit na kinakalma ni Iska ang sarili kahit na ba pakiramdam niya ay lulusot palabas ng kanyang dibdib ang nagririgidon niyang puso.

Kaagad siyang nag-isip. Kanino pa ba posibleng nanggaling ang mga rosas sa kanyang table ngayon kung hindi sa binata.

“T-the flowers...?” she whispered.

“Yes, the flowers were from me.”

Iska gasped. She was dreading to find that out. “W-why...?” lakas-loob niyang tanong. Mabuti na lamang at sila ang naroon.

“I... I was hoping you could provide me the answer,” he answered instead. He was looking at her with an expression in his eyes as if he was looking into her soul.

Gosh, ang bilis naman yata nitong masyado? Isang linggo pa lang ang nakakaraan simula noong aksidenteng mabuhusan niya ng kape ang binata’t makilala.

Tila nabasa nito ang nilalaman ng kanyang isip. “I know it’s all weird and fast. But please forgive me, Iska, I just don’t want to waste time. I probably shouldn’t even be saying this to you.”

“You’re right, Mr. Syquia, you shouldn’t. I already have a boyfriend. His name is James Alcantara. And he’s one of your field engineers.” Sinubukan niyang papormalin ang mukha. After all, boss ang kaharap niya.

Andres sighed, as if he was disheartened. “I know...”

Namilog ang mga mata niya. “Y-you knew? Then, why..?”

“I... I—”

“I... I’m sorry, Mr. Syquia. I have to go.”

Hindi na naghintay si Iska sa kung anumang sasabihin o gagawin ni Andres. Mabilis ngunit kilos-

normal pa ring iniwan niya ang binata. At paglabas niya ng coffee room ay nagmamadali siyang lumayo roon.

*Oh, God please don't make this complicated.*

Lalong binilisan ni Iska ang paglakad nang marinig niya ang pagtawag ni Andres sa kanyang pangalan. *God, is he crazy? He knew I have a boyfriend!* Gusto niyang magalit sa binata.

Nakahinga siya nang maluwag nang hayaan lang siyang lumayo ni Andres. Ano na lamang ang sasabihin ng kung sinomang makakita sa kanila? Pagmumulan na naman ba iyon ng argumento nila ni James?

Nakahinga siya nang maluwag nang makabalik siya sa kanyang cubicle. Ngunit bakit ganoon ang kanyang pakiramdam? Tila bigla siyang may naiwan o kung ano. At kung anuman ang naiwan o nawala niya ay parang huli na upang makuha ulit pabalik. Napatitig siya sa mga bulaklak na bigay ng binata sa kanya.

Oh, how she wished Andres hadn't said what he said to her. Because now, her mind was troubled.

